Edukasyon sa Pagpapahalaga III

**Yunit I**
**Modyul Blg. 1**

# Lipunan…Para Kanino Nga Ba?

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Nang likhain ng Diyos ang unang tao sa mundo, nakita Niya na hindi magiging maligaya at makabuluhan ang buhay nito kung walang makakasama.

Dahil dito nilikha Niya ang unang babae upang maging katuwang nito sa pagsasagawa ng misyong ninais Niya para sa tao. Subalit hindi sapat na sila lamang dalawa. Pinagbilinan silang humayo at magpakarami.

Sa paglipas ng panahon, dumami ang tao at dito na nagsimula ang pagkakaroon ng lipunan.

Alam mo ba kung ano ang lipunan? Para kanino ito?

Sa pagtunghay mo sa mga pahina ng modyul na ito, matutuklasan mo pa ang maraming bagay ukol sa lipunan, ang kahulugan at layunin nito sa buhay nating mga tao.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

A. Naipaliliwanag ang tunay na layunin ng lipunan
B. Nasusuri ang kahalagahan ng lipunan sa pagkakamit ng kaganapan ng pagkatao
C. Nahihinuha ang mga pagpapahalagang dapat linangin upang maging makabuluhan ang pakikitungo sa lipunan

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Ang lipunan ay nilikha ng:
    a. Diyos
    b. Tao
    c. Mga mambababatas

2. Maaaring uriin ang lipunan sa dalawa, artipisyal at natural. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng natural na lipunan;
    a. korporasyon
    b. pamilya
    c. unibersidad

3. Ang pangunahing layunin ng lipunan ay ang:
    a. kasaganahang pangkabuhayan
    b. kabutihang panlahat
    c. pangkalinangang pag-unlad

4. Ang lipunan ang tumutugon sa pangangailangan ng taong:
    a. makipag-ugnayan sa kanyang kapwa
    b. makapagpahayag ng kanyang opinyong politikal
    c. makapagtrabaho at umunlad

5. Maaaring mabuhay ang tao kahit hindi siya makihalubilo sa iba subalit:
    a. tatanda siyang walang karamay sapagkat wala siyang kapwa- tao
    b. kulang ang kanyang magiging kaalaman sa mga pangyayari sa paligid
    c. hindi magiging ganap ang kanyang pagiging tao

B. Pagtapat-tapatin. Alin sa mga sumusunod na pagpapahalaga sa hanay A ang tinutukoy ng mga kahulugan sa hanay B. Titik lamang ng wastong sagot ang isusulat.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Pakikibagay | a. Isinasaalang-alang ang magiging damdamin ng kanyang kapwa |
| 2. Paggalang | b. Handang tumulong sa panahon ng kagipitan |
| 3. Pagmamalasakit | c. Tumutulong sa ikapagkakamit ng layunin ng pangkat ng kinabibilangan |
| 4. Pakikiramay | d. Pinag-aaralan kung paano magiging maayos ang pakikitungo sa mga kapangkat. |
| 5. Pakikiisa | e. isinasaalang-alang ang kapakanan ng kapwa tulad ng pagsasaalang-alang sa sa sarili |

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg.1

Basahin mo ang mga sumusunod na sitwasyon at sagutin ang mga katanungan.

Sitwasyon Blg 1

Matalinong bata si Hannah. Sa tulong at paggabay ng kanyang magulang ay natuto siyang bumasa at sumulat. Subalit dumating ang panahon na ang mga aklat at ang itinuturo ng kanyang ina ay hindi na sapat sa kanyang mabilis na pagkatuto. Dahil dito, ipinasya ng kanyang ina na ipasok na siya sa paaralan

Sa ibinigay na pagsusulit, natuklasang *mentally gifted* ang bata.



Inerekomenda na ipasok siya sa isang *SPED school* upang matugunan ang kanyang pangangailangang intelektwal, emosyonal at sosyal.

May mga samahang pribado tulad ng Ayala *Foundation* na tumutulong sa mga batang tulad ni Hannah. Isa sa inisyatibo ng samahang ito ang *CENTEX* o *Center for Excellence* sa mga piling paaralang pampubliko sa lunsod ng Maynila. Sagot nila lahat ang gastos mula sa uniporme, aklat at iba pang gamit sa paaralan ng mga mahihirap ngunit matatalinong bata.




Nasalanta ng matinding bagyo ang malaking bahagi ng Quezon noong Disyembre 2, 2004. nang daanan ng bagyong Yoyong.

Marami ang namatay dahil sa landslide, maraming imprastraktura ang nasira at libo-libong mamamayan ang nawalan ng tirahan.

Agad rumisponde ang maraming *non-government organizations* upang tumulong.

Ang Metrobank ay nagbigay ng 1 milyong donasyon sa Kapuso Foundation ng GMA-7. Ang ABS-CBN ay naglunsad ng telethon upang malakikom ng pondo para sa mga naging biktima



Sitwasyon 3

Sa isang malayong probinsya ay may isang maliit na barangay na lagi na lamang namumrublema sa taas na presyo ng mga pataba (*fertilizer)* at iba pang gamit pangsakahan. Walang mangyari sa kanilang kinikita tuwing anihan dahil sa mataas na puhunan.

Sa tulong ng isang kababayan na nakapagtapos ng pag-aaral sa isang mahusay ng pamantasan sa Maynila, itinuro sa kanila ang prinsipyo ng kooperatiba. Napagpasyahan ng pangkat  na subukan ang ideyang ito upang malutas ang kanilang suliranin.

Buhat ng itatag ang kooperatiba ay naibsan ang kanilang suliranin. Nadagdagan ang kanilang kita at unti-unti silang nakalasap ng kaginhawahan.

## Sagutin Mo




1. Sa tatlong sitwasyong iyong binasa, ano ang mahalagang salik na nakatulong sa paglutas ng suliranin?

2. Sa palagay mo, malulutas ba ang mga sitwasyong ito kung nag-iisa lamang at walang kapwa-taong tutugon sa kanya/kanila? Patunayan.

3. Paano ipinakita ang kahalagahan ng lipunan sa mga sitwasyon inilahad?

## Gawain Blg.2

Marahil alam mo na ang mga pangunahing institusyong panlipunan hindi ba? Tingnan ko nga kung masasagutan mo ang mga hinihinging impormasyon. Sundin ang pormat sa iyong pagsagot.


| Institusyong Panlipunan | Tungkulin | Kabutihang dulot sa tao |
|---|---|---|
|  Pamilya | Hal.<br>Turuan ang mga anak ng pagmamahal at kagandahang asal | Nakahuhubog ng mga mamamayang may taglay ng mga pagpapahalaga at pagmamahala sa kapwa |
|  Paaralan | | |
|  Simbahan | | |
|  Pamahalaan | | |

Sagutin Mo

1. Ano ang maaaring maging epekto sa buhay ng isang tao kung walang mga tao o institusyong panlipunang aagapay sa kanyang pamumuhay?
2. Ano ang layunin ng lipunan?
3. Paano naitataguyod  ng lipunan ang kabutihang panlahat? Magbigay ng patunay sa iyong kasagutan.


## IV. Ano ang Iyong Natutuhan?

Batay sa iyong natutuhan sa mga natapos na gawain, anong mahalagang konsepto ang mabubuo mo? Iugnay mo ang mga salitang nasa hugis upang makabuo.




Nabuong konsepto:______________________________________________________
______________________________________________________________

Anu-anong mga pagpapahalaga ang nararapat mong linangin upang maging makabuluhan ang iyong pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang uri ng tao sa lipunan? Isulat mo ang iyong sagot sa mga nakasabit na hugis sa ibaba.



## V. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Ayon kay Aristotle, ang tao ay isang nilikhang panlipunan ( *social being)* .

Totoo ito. Ang kalikasan natin ay nagpapakita na hindi sapat na matugunan lamang ang mga materyal na pangangailangan, mayroon ding mga di-materyal na pangangailangan na nararapat makamtan upang makamit ng tao ang kanyang kaganapan.

Sabi nga ni Abraham Maslow, isang kilalang sikolohista na nagpakilala ng teorya ng mga pangangailangan ng tao *(Hierarchy of human needs),* mayroon tayong mga pangangailangang sekundarya tulad ng pangangailangang mapabilang, mahalin, igalang at kilalanin. Ipinapakita nito ang dimensyong panlipunan ng tao.

Paano natin matutugunan ang mga pangngailangang ito? Sa pamamagitan ng lipunan.

Tulad ng nabanggit ko sa iyo sa panimula ng modyul na ito, layunin ng Diyos na magkaroon ng lipunan upang ito ang maging daan sa pagtataguyod ng kabutihang panlahat.

Dahil iba't-iba ang talino at lakas na kaloob ng Diyos sa tao, nangangailangan tayong makipag-ugnayan sa ating kapwa sa lipunan. May mga pangangailangan tayong maaari nilang matugunan at may mga pangangailangan din naman silang maaaring tayo ang makatutugon

Ayon kay Fr. De Torre, maaaring mauri ang lipunan sa dalawa, natural at artipisyal. Natural ang isang lipunan kung ito'y kusang naitatag dahil sa likas na pangangailangan ng tao, tulad ng pamilya at lipunan sibil *(civil society)* .

Artipisyal ang isang lipunan kung ang intensyon sa pagtatatag nito ay para sa kapakanan ng isang tiyak na pangkat. Ilang halimbawa nito ay ang paaralan, samahang pangnegosyo, *non-government oraganizations* at iba pa.

May binanggit pang mga kahalagahan ng lipunan si Fr. Michael Moga:
Ayon sa kanya, sa lipunan nakakamit ng tao ang kahulugan ng kanyang mga pangarap, pakikipag-ugnayan, pagpapahalaga, tungkulin at hamon *(challenges).*

Tingnan mo ang halimbawang ito, ang isang mag-aaral na katulad mo ay nangangarap na makatapos ng pag-aaral, hindi ba? Bakit mo nais makatapos? Para sa sarili mo lamang ba? Hindi ba't nais mong makatulong sa iyong pamilya? Anong pagpapahalaga ang dapat mong linangin upang maisakatuparan ang pangarap na ito? Pagsisikap, pagsasakripisyo, pagmamahal sa pamilya. Ano ngayon ang iyong gagawin upang makamit ito. Hindi ba't pagbubutihin mo ang iyong pag-aaral at titiisin ang anumang mga pagsubok upang makamit mo lamang ang iyong pangarap.

Saan nag-ugat ang kahulugan ng mga ito? Sa mga taong mahalaga sa iyo, Mga taong bahagi ng lipunang ginagalawan mo.

# VI. Gaano Ka Natuto?

Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Ang lipunan ay nilikha ng:
    a. Diyos
    b. Tao
    c. Mga mambababatas

2. Maaaring uriin ang lipunan sa dalawa, artipisyal at natural. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng natural na lipunan;
    a. korporasyon
    b. pamilya
    c. unibersidad

3. Ang pangunahing layunin ng lipunan ay ang:
    a. kasaganahang pangkabuhayan
    b. kabutihang panlahat
    c. pangkalinangang pag-unlad

4. Ang lipunan ang tumutugon sa pangangailangan ng taong:
    a. makipag-ugnayan sa kanyang kapwa
    b. makapagpahayag ng kanyang opinyong politikal
    c. makapagtrabaho at umunlad

5. Maaaring mabuhay ang tao kahit hindi siya makihalubilo sa iba subalit:
    a. tatanda siyang walang karamay sapagkat wala siyang kapwa- tao
    b. kulang ang kanyang magiging kaalaman sa mga pangyayari sa paligid
    c. hindi magiging ganap ang kanyang pagiging tao

B. Pagtapat-tapatin. Alin sa mga sumusunod na pagpapahalaga sa hanay A ang tinutukoy ng mga kahulugan sa hanay B. Titik lamang ng wastong sagot ang isusulat.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 5. Pakikibagay | a. Isinasaalang-alang ang magiging damdamin ng kanyang kapwa |
| 6. Paggalang | b. Handang tumulong sa panahon ng kagipitan |
| 7. Pagmamalasakit | c. Tumutulong sa ikapagkakamit ng layunin ng pangkat ng kinabibilangan |
| 8. Pakikiramay | d. Pinag-aaralan kung paano magiging maayos ang pakikitungo sa mga kapangkat. |
| 5. Pakikiisa | e. isinasaalang-alang ang kapakanan ng kapwa tulad ng pagsasaalang-alang sa sa sarili |

C. Ipaliwanag:

1. Paano nakakamit ang kabutihang panlahat sa pamamagitan ng lipunan?

2. Bilang isang kabataan na kasapi ng lipunan, paano ka makatutulong sa pagtataguyod ng kabutihang panlahat?

## D. Mga Sanggunian


de Torre, Joseph M. *Roots of Society.* Manila: Sinag-Tala Publishers, Inc. 1977.

_______________*Christian Philosophy*. Manila: Vera-Reyes Publishers. 1980

Moga, Michae Dl. *What makes man truly human.* Makati: St. Pauls. 1995


## Susi sa Pagwawasto

### Handa ka na ba?

A.

1. a
2. b
3. b
4. a
5. c

B.

1. d
2. a
3. e
4. b
5. c

### Gaano ka natuto?

A.

1. a
2. b
3. b
4. a
5. c

B.

1. d
2. a
3. e
4. b
5. c